


KILALANIN SI FELIX!

# Pagsunod kay Jesus sa Nicaragua



## Paano Sinusunod ni Felix si Jesus

Sinusunod ni Felix si Jesus sa pamamagitan ng pagiging masunurin. Siya ay nagdarasal, nagsisikap na sundin ang mga kautusan, at nagsisimba. "Marami akong natututuhan sa Primary," sabi niya. "Sa Primary, maraming bata at marami tayong natututuhan tungkol kay Jesucristo."


Gusto ni Felix na nakikipaglaro sa kanyang pinsan. Pero kung minsan ay hindi sila nagkakasundo ng pinsan niya. "Tinutulungan ako ng Ama sa Langit na magkaroon ng pasensiya," sabi niya.

Tinutulungan din ni Felix ang iba. Sa paaralan, nakita ni Felix na walang meryenda ang isang kaklase. Ibinahagi ni Felix ang kanyang meryenda. Inaalagaan din niya ang kanyang mas batang kapatid na babae. Tinitiyak niya na ligtas ang kapatid niya sa pamamagitan ng pagkain ng maliliit lamang na piraso ng pagkain.





### Maaari Mo Ring Sundin si Jesus!



Ano ang nagawa mo para sundin si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




## Tungkol kay Felix

**EDAD:** 7

**MULA SA:** Managua, Nicaragua

**WIKA:** Spanish

**MITHIIN:** 1) Maging astronaut at pumunta sa buwan at siguro sa Mars. 2) Mag-alaga ng mga manok balang-araw.

**MGA LIBANGAN:** Pag-aaral tungkol sa kalawakan, pagtugtog ng piyano, at pagluluto

**PAMILYA:** Felix, Inay, Itay, at mas batang kapatid na babae

## Ang Kanyang mga Paborito

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Nang dalawin ni Jesus ang mga lupain ng Amerika at pinagaling ang lahat ng tao (3 Nephi 17)

**HOLIDAY:** Pasko

**PRUTAS:** Mga Strawberry at pakwan

**KULAY:** Asul

**AWITIN SA PRIMARY:** "I Will Walk with Jesus" (*Friend*, Peb. 2020, 27).